

Modyul Blg. 12

Pagkilala sa mga Pangunahing Tauhan ng Nobelang Notí Me Tangere



Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal kong Mag-aaral,

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Sana'y natulungan ka ng unang modyul na ginawa ko para sa iyo.

Muli ay naghanda ako ng modyul na tutulong sa iyo upang mapaunlad at mapayaman ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Sa mga araling inihanda ko, makikilala mo ang mga pangunahing tauhan sa nobelang nabanggit. Malalaman mo rin ang mga napipinto nilang suliranin. Dito ay masusuri mo rin ang pagiging makatotohanan ng mga tauhang ito.



Ano ang matututunan mo?

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Nalilintang ang kahusayang maging mapanuri sa akdang binasa.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Patnubay mo sa iyong sariling pagkatuto ang modyul na ito. Kagamitan mo ito bilang gabay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang paggamit nito, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat mong sundin.

Huwag kang mabahala, simple lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo? Layunin nitong masukat ang lawak ng kaalaman mo sa paksa.
2. Iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung magkaroon ka man ng maraming mali, okay lang iyon. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo ang mga aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda ko. Mababasa mo kung paano ang dapat mong gawain.
4. Matapos mong gawin ang mga Pagsasanay tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit. O ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Kaibigan mo ito.
6. Pag-isipan mong mabuti ang mga tanong bago mo sagutan ang mga ito.
7. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng sagutang papel o notebuk.

Pahalagahan ang modyul na ito. Ito'y iyong kaibigang nagmamalasakit sa iyo.



Ano na ba ang alam mo?

- A. Panuto: Ibigay ang hinihingi ng mga sumusunod.
1. Lagyan ng tsek (/) ang pinakamabisang pangungusap.
 - a. Nobelang panlipunan ang Noli Me Tangere.
 - b. Ang nobelang Noli Me Tangere ay isang nobelang panlipunan.
 - c. Alam ng lahat na ang isinulat na nobelang Noli Me Tangere ay isang nobelang panlipunan.
 - d. Nobelang panlipunan ang Noli MeTangere na isinulat ni Dr. Jose Rizal.
 2. Isulat ang letra ng pahiwatig o konotasyon ng pariralang may salungguhit sa pangungusap. Unti-unti nang lumalabas ang mga kaaway ni Ibarra tanda ng pagdating ng unos sa buhay niya.
 - a. sigalot
 - b. kaguluhan
 - c. problema
 - d. lahat ng nabanggit
 3. Piliin ang letra ng mga salitang nag-aagawan ang kahulugan sa loob ng pangungusap. Tahimik ang paligid na tila nagbabadya ng pagdating ng kaguluhan sa buhay ng mag-anak.
 - a. paligid, buhay
 - b. mag-anak, tila
 - c. tahimik, kaguluhan
 - d. buhay, pagdating
- B. Panuto: Isulat ang wasto kung wasto ang kaisipan ng pahayag at mali kung mali ang kaisipan nito.
4. Nagsimula na ang pagdating ng napipintong suliranin ni Ibarra nang malaman niya ang nangyari sa bangkay ng kanyang ama.
 5. Piliin ang letra ng tamang pakahulugan o interpretasyon sa sumusunod na sitwasyon. Malakas ang hampas ng murang katawan ni Crispin sa bawat baitang ng hagdan habang hinihila ito pababa ng Sakristan Mayor.
 - a. Wala itong epekto kay Crispin.
 - b. Maaari itong ikamatay ni Crispin.
 - c. Mababaliw si Crispin.
 - d. Mawawala si Crispin.

6. Bilungan ang letra ng pahayag na naglalahad ng katotohanan.
 - a. Kung gustong matupad ang mga balak nang walang hadlang, sundin ang kagustuhan ng mga kalaban.
 - b. Pag-iwas sa problema ang tamang solusyon dito.
 - c. Ang tunay na kaibigan ay makikita sa panahon ng kasaganaan.

C. Panuto: Ibigay ang hinihingi ng mga sumusunod.

7. Salungguhitan ang letra ng pahayag na nagpapakita ng pagkamakatotohanan ng tauhan.
 - a. Pawang luha ang iginaganti ni Sisa sa pananakit ng asawa.
 - b. Hindi naniniwala sa purgatoryo si Pilosopo Tasyo.
 - c. Tulad ng karaniwang mga bata, panay trabaho ang nais gawin ng magkapatid.
8. Isulat ang **Tama** kung tama ang kaisipang inilahad ng pahayag at **Mali** kung mali ang kaisipang inilahad.
 Ang pagkakakita ni Sisa ng pirasong damit ni Basilio na may bahid ng dugo ang siyang pinakamaigting na bahagi ng kabanata.
9. Ang pagdaluhong ni Ibarra ng kutsilyo kay Padre Damaso upang patayin ito ay siyang pinakasukdulang bahagi ng kabanata.
10. Isulat ang **P** kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng positibong pananaw at **N** kung nagpapahayag ng negatibong pananaw.
 Ang pag-iwas sa sandaling gulo ay habambuhay na kapayapaan.

II. *Aralin 1. Sa Sariling Bayan (Kabanata I - X)*

A. **Anu-Ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo?**

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigay ang sariling puna hinggil sa pagkakabuo ng mga pangungusap batay sa ikli o haba at pag-uulit.
2. Nabibigyang-puna ang kabanata bilang siyang simula ng banghay,
 - pagpapakilala sa mga pangunahing tauhan
 - paghahanda sa mga mambabasa tungkol sa napipintong suliranin
3. Nabibigyang-puna ang pagkamakatotohanan ng tauhan batay sa;
 - kilos - pilosopiya
 - paniniwala - gawi
 - saloobin - paninindigan
4. Natutukoy at naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagiging matimpi at mahinahon.

5. Naisusulat ang mga makahulugang pahayag na may kaugnayan sa kaisipan ng binasang akda.




Mga gawain sa pagkatuto

1. Alamin Mo...

Ang isang taong nawalay sa sinilangang bayan, kapag nagbalik ay kakikitaan ng maraming pagbabago sa panlabas na anyo at pagbabagong pangkaasalan.

- A. Panuto: Isulat sa patlang ang **PA** kung ang pahayag sa loob ng kahon ay nagpapakita ng pagbabago sa panlabas na anyo at **PK** kung ang pagbabago ay pangkaasalan. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.



- B. Panuto: Isulat ang **P** sa patlang kung ang pagbabagong naganap sa taong tinutukoy sa Pagsasanay A ay positibo at isulat ang **N** sa patlang kung negatibo ang pagbabagong binabanggit sa bawat bilang.

_____ 6. Kinalimutan na ang sariling kultura

- _____ 7. Di na alam salitain ang katutubong wika
- _____ 8. Nanatili ang pagmamahal sa mga kababayan
- _____ 9. Ipinagmamalaki pa rin ang pagkalahi saan mang bayan magpunta
- _____ 10. Ikinahiya ang pinagmulang angka

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang mga Pagsasanay A at B na sinagot mo ay may kaugnayan sa akdang babasahin mo. Ang pangunahing tauhan, na si Ibarra ay isang taong nawalay nang matagal sa sariling bayan at muling nagbalik na taglay ang maraming pagbabago sa katauhan.

Handa ka na ba?

Basahin mo na!

2. Basahin Mo...

Sa Sariling Bayan (Buod ng Kabanata I – X)

Nagbigay ng isang salu-salo si Kap. Tiyago bilang pasasalamat sa maluwalhating pagdating ni Crisostomo Ibarra. Maraming panauhin ang nagsidalo. Sa gitna ng karamihan ng mga panauhin ay lutang na lutang ang tinig ng paring Pransiskano na si Padre Damaso. Patuloy nitong nilalait ang mga Indiyo Hindi nagustuhan ng Tenyente ang ginawang ito ng Frayle. Salamat na lamang at namagitan ang paring Dominikong si Padre Sybila. Itinuon niya ang usapan sa naging kapalaran ng isang bangkay ng lalaki na ipinahukay at ipinalibing ng kura sa kung saan.

Ang pinakamahalagang panauhin sa pagtitipong yaon ay ang bagong dating sa bansa na si Crisostomo Ibarra. Siya ay isang binatang galing sa marangal na pamilya. Matagal na panahon siyang namalagi sa Europa upang makapag-aral. At sa kadahilanang matagal na panahong nawala sa kanyang sariling bayan, kiming-kimi siya. Hindi rin niya nakaligtaang gamitin ang ilang kulturang Europeong natutunan sa pakikitungo sa mga tao. Ito ay ang ipakilala ang kanyang sarili kung sa kanya ay walang naglakas ng loob na magpakilala. Bukod sa mga dalaga, binati ni Crisostomo si Padre Damaso. “Ang kura ng aming bayan at matalik na kaibigan ng aking ama.” Sa pagbating iyon, tinamo ni Crisostomo ang unang kabiguan at kahihyan. Hindi tinanggap ng Frayle ang sinabi ng binata na siya ay naging kaibigan ng kaniyang ama.

Isang masaganang hapag ang inihanda ng may-ari ng bahay sa pagtitipong iyon. Bago maghapanan ay maraming iringan ang naganap. Iringan na naglagos pa rin sa harap ng hapag nang matapat kay Padre Damaso ang isang tasa ng tinola na punong-puno ng upo at may ilang pirasong leeg ng manok. Sa harap ng pagkainis ay laging sinasangga ng pari ang mga

sinasabi ni Crisostomo. Hindi naman nagpahalata ng pagkainis ang binata sa halip ay nagpaalam na lamang.

Sa kanyang paglalakad ay sinundan siya ng Tenyente. Nagpakilala ito sa kanya bilang kasama ng kanyang ama na si Don Rafael Ibarra sa mga huling araw niya sa mundo. Nabanggit ng Tenyente kay Crisostomo na ang kanyang ama ay namatay sa bilangguan. Labis na ikinagulat ito ng binata. Noon lamang niya nabatid ang tunay na kinahantungan ng ama.

Isinalaysay ng Tenyente sa binata ang mga pangyayari kaugnay sa pagkamatay ni Don Rafael sa loob ng bilangguan. Sa pagtatanggol sa mga bata mula sa kalupitan mula sa isang taga-singil ng buwis ay hindi sinasadyang naitulak ito na naging sanhi ng kanyang pagkamatay. Sa pagkakatulak sa tagasingil tumama ang ulo nito sa bato. Nakulong si Don Rafael.

Nag-iisa si Crisostomo sa kaniyang tinutuluyan. Naroon ang kalungkutang dala ng kaalamang mula sa Tenyente na may kaugnay sa naging kapalaran ng kaniyang ama. Hindi makatkat sa kaniyang kaisipan ang naging kalagayan nito sa loob ng bilangguan. Sa kabilang dako, nakita rin niya ang anino ng isang lalaki na nasa loob ng selda na nakikiusap, nagmamakaawa, ang lalaking nakabilanggo ay ang kanyang ama.

Si Kap. Tiyago ay isa sa maituturing na mapalad na Indiyano. Siya ay may angking yaman na nagiging susi upang siya ay mapabilang sa lipunang kanyang ginagalawan. Humahawak din siya ng mga katungkulan na bihirang-bihirang maganap sa isang Indiyano. Upang huwag malagay sa alanganin, hindi niya sinasaktan ang loob ng mga pari at hindi rin siya sumusuway sa kautusan ng pamahalaan.

Upang maaliw, naglibot si Crisostomo sa kahabaan ng Maynila. Sa mga sandaling iyon ay natambad sa kaniyang paningin ang mga pangit at magagandang katangian ng lunsod. Hindi rin maiaalis sa kanyang gunita ang kagandahang taglay ng Europa at ng mga bansang kaniyang narating.

Dumating si Padre Damaso sa bahay ni Kap. Tiyago. Nakasalubong niya sa may pintuan sina Maria Clara at Tiya Isabel na noon ay patungo sa Beaterio upang kunin na ang mga gamit ng dalaga. Nag-usap sina Kap. Tiyago at Padre Damaso. Isa sa kanilang tinalakay ay ang tungkol kay Crisostomo Ibarra. Ayon na rin kay Kap. Tiyago. “Inuutusan ako ni Padre Damaso na tutulan ang pag-iibigan nina Crisostomo at Maria Clara.”

Naririto ang munting bayang pupuntahan ni Crisostomo. Isang munting bayang balot ng alamat tungkol sa isang matandang Kastila na biglang dumating doon isang gabi. Binili sa taga-roon ang lupang nasasakop ng gubat na may malaking puno ng balite. Ang lupa ay pinagyaman at binungkal. Bagama't nakakatakot ang mukha dala ng matalin na mga titig dagli namang nakapamuhay ang matanda sa mga taga-baryo. Subali't nagulat ang lahat nang magisnang bangkay ang matanda sa tabi ng punong balite. Nang mangyari iyon, labis na kinakatakutan ang lugar, Isang araw, may dumating na isang lalaki na nagpakilalang anak ng namatay na Kastila. Tumira doon. Pinaunlad ang kabuhayan dangan nga lamang at anak na

lalaki ng Kastila. Nagkaasawa ito at nagkaanak ng lalaki sa katauhan ni Don Rafael Ibarra na naging ama naman ni Crisostomo Ibarra. Nang mamatay ang Kastila, namana ni Don Rafael ang kayamanan nito. Naiba ang takbo ng lugar na iyon dahil na rin sa kabaitan ni Don Rafael. Umunlad ang kabuhayan. Ang munting baryo ay naging bayan. Nang mamatay ang unang Kura Paroko ay pinalitan ito ni Padre Damaso.

Ang San Diego ay pinaghaharian ng dalawang pangkat. Dalawang pangkat na hindi nagkakasundo kung sino talaga ang nagtataglay ng kapangyarihan at nararapat na sundin ng mga mamamayan. Sa isang panig, naroroon ang simbahan na pinaghaharian ng Kura Paroko. Sa isang panig naman ay naroroon ang pamahalaan na pinaghaharian ng Alperes ng gwardiya Sibil at kinatawan ng Heneral na siyang kinatawan naman ng Hari ng Espanya sa Pilipinas. Ang dalawang ito ang siyang nagpaparayawan. Sa bawat kilos ay naghahari ang paghihiganti sa isa't isa.

3. Linangin Mo...

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Pagkakabuo ng Pangungusap batay sa Ikli o Haba



Ang paggamit ng awtor ng mga pangungusap na maiikli o mahahaba ay isang istilo o paraan upang maibigay niya nang lubusan ang mensahe o pahiwatig na nais niyang maiparating sa kanyang mga mambabasa.

A. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na nagbibigay-hinuha sa maaaring dahilan ng awtor sa pagbuo ng mahaba o maikling pangungusap. Gumamit ng isang ikaapat na bahagi ng papel bilang sagutan.

1. Itinuon ni Padre Sybila ang usapan tungkol sa naging kapalaran ng isang bangkay ng lalaking ipinahukay at ipinalibing ng kura sa kung saan.
2. Ang iringan ay naglagos pa rin sa harap ng kainan nang matapat kay Padre Damaso ang isang tasa ng tinola na punong-puno ng upo at may ilang piraso ng leeg ng matigas na manok.
3. Isang munting bayan na balot ng alamat tungkol sa isang matandang Kastila na bigla na lamang dumating doon isang gabi.
4. Nagmamakaawa at nakikiusap ang lalaking nakakulong.
5. Maputik at nakadidiri ang libingan ng San Diego.

- a. Mailarawan ang tunay na kalagayan ng bayan.
- b. Pagbibigay-diin sa isang kalapastanganan.
- c. Mapaigting ang paglalarawan ng isang kalagayan.
- d. Maipakita ang pagpapatuloy ng isang pangyayari.
- e. Maipaliwanag kung paano naganap ang isang pangyayari.

B. Isulat ang **KL** sa patlang kung ang mga sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng kalakasan ng mahaba at maiksing pangungusap at **KH** kung nagpapakita ng kahinaan ng nabanggit na mga pangungusap.



Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.


b. Pagsusuring Pangnilalaman

Tauhan sa Nobela


Ang mga pangyayaring inilalahad sa akda ay binibigyang buhay ng mga tauhang nilikha ng manunulat sa kanyang akda. Dapat na maging makatotohanan at makabuluhan ang mga katangiang nabanggit, kailangang kumilos sila hindi ayon sa kagustuhan ng manunulat, kundi ayon sa kagustuhan ng kanyang katauhang binabanggit sa akda.

b. 1. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang katangian ng mga pangunahing tauhan sa nobela, batay sa mga pahayag sa bawat bilang.

Gumamit ka ng kalahating bahagi ng papel sa pagsagot sa mga pagsasanay b – 1, 2, 3, 4




b. 2. Panuto: Lagyan ng (/) kung ang paglalarawan sa tauhang binabanggit ay totoo batay sa binasa at X kung hindi.



b. 3. Basahin ang sumusunod na pahayag.

Si Kapitan Tiyago ay may angking kayamanan na siyang nagiging sanhi upang mapabilang sa lipunang kanyang kinabibilangan. Upang hindi siya malagay sa alanganin, hindi niya sinasaktan ang loob ng mga pari at hindi rin siya sumusuway sa kautusan ng pamahalaan. Si Kapitan Tiyago ay labis na mapaniwalain sa mga himala. Ang bawat kilos at pagpapasya ay iniaalay muna sa mga santong itinuturing na naghihimala. Mga aral ng Katolisismo lamang ang kanyang sinusunod at pinaniniwalaan.

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang pariralang maglalarawan sa tauhan sa akda. Piliin ang mga salitang ito mula sa loob ng kahon.



Iwasto ang iyong mga sagot. Gamitin ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

- b. 4. Ang pangunahing tauhan at ang kanilang napipintong mga suliranin ay madalas napakikilala sa simula pa lamang ng nobela.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag ng mahihinuhang napipintong suliranin sa sitwasyon sa bawat bilang.

1. Ipinakilala sa lahat ni Ibarra si Padre Damaso bilang matalik na kaibigan ng kanyang yumaong ama. Subalit tahasang itinanggi ito ni Padre Damaso at sinabi na kailanman ay di niya naging kaibigan si Don Rafael.
2. Pinagbintangan ni Padre Damaso si Don Rafael sa salang hindi pangungumpisal.
3. Upang higit na huwag malagay sa alanganin, hindi sinasaktan ng loob ni Kapitan Tiyago si Padre Damaso. Sinusunod niya ang bawat naisin nito.
4. Ang bayan ng San Diego ay pinaghaharian ng dalawang pangkat, ang simbahan at ang pamahalaan.
5. Inutusan ni Padre Damaso na tutulan ni Kapitan Tiyago ang pag-iibigan ni Ibarra at Maria Clara.

- a. May malaking hadlang sa katuparan ng pag-iibig nina Ibarra at Maria Clara.
 b. Nagsimula na ang paghahamok nina Ibarra at Padre Damaso.
 c. Hindi kailanman aayos ang pamamahala sa San Diego.
 d. Mabibilanggo si Don Rafael.
 e. Magiging sunud-sunuran na lamang si Kapitan Tiyago.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Masusuri ang pagiging makatotohanan ng tauhan sa isang akdang pampanitikan sa pamamagitan ng kanyang kilos, gawi, paniniwala, saloobin, pilosopiya, paniniwala at paninindigan. Upang maging makatotohanan ang paglalarawan ng tauhan, nilalapatan ito ng may akda ng saloobing positibo at negatibo.

- c. 1 Suriin natin ang pagiging makatotohanan ng katauhan ni Ibarra sa pamamagitan ng kanyang kilos at pananalita.

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ang ikinilos at winika ng tauhan ay nagpapakita ng pagiging maginoo nito at ekis (X) kung hindi.

- _____ 1. Ipinakita ni Ibarra ang pagkakaroon niya ng mataas na pinag-aralan nang kausapin niya ang mga kababayan niyang mangmang. Gumamit siya ng mga salitang may mataas na uri sa pakikipag-usap sa mga ito.
- _____ 2. Buong paggalang na yumuyukod siya kapag nakasasalubong siya ng mga matatanda, maykapangyarihan at mga kababaihan.
- _____ 3. Nagpakita siya ng pagkainis nang walang magpakilala sa kanya sa mga panauhing nasa pagtitipon.
- _____ 4. Nararamdaman niyang gusto siyang kausapin ng mga kababayan subalit nakikimi ang mga ito. Siya na ang kusang lumapit at nakipag-usap.
- _____ 5. Dahilan sa walang nagpapakilala sa kanya sa mga panauhing nasa pagtitipon, siya na ang nagsabi ng kanyang pangalan, “Mga Ginoo ang buo ko pong pangalan ay Juan Crisostomo Ibarra at Magsalin.”

- c. 2. Suriin ang pagiging makatotohanan ng katauhan ni Padre Damaso sa pamamagitan ng kanyang mga saloobin.

Panuto: Isulat ang P sa patlang kung ang saloobing ipinahahayag sa bawat bilang ay positibo at N kung ang mga ito ay negatibo.

- _____ 1 . Nakadama nang pagkagalit si Padre Damaso nang matapat sa kanya ang tasa ng tinolang manok na puro upo at leeg ng manok.
- _____ 2. Galit na galit na itinanggi niya na naging matalik niyang kaibigan si Don Rafael Ibarra.
- _____ 3. Madalas niyang pahiyain si Ibarra sa loob ng bulwagan at sa harap ng mga panauhin.

- _____ 4. Pagkapoot kay Ibarra ang naramdaman ni Padre Damaso nang mabatid niyang kasintahan ito ni Maria Clara.
- _____ 5. Ipinadama ni Padre Damaso ang pagmamahal niya kay Maria Clara. Panay na kabutihan ang hinahangad niya para dito.
- c. 3. Isulat ang K sa patlang kung katanggap-tanggap ang paniniwala, paninidigan at pilosopiya sa buhay ni Kapitan Tiyago at DK kung di katanggap-tanggap ang mga ito.

Naniniwala si Kapitan Tiyago na upang mabuhay siya nang maayos at walang pangamba, dapat na;

- _____ 1. Maging payapa. Huwag makipagtalo o tumutol sa pamahalaan at sa simbahan.
- _____ 2. Magkaroon ng pagkukusa. Bukal sa loob at kusang sumunod sa lahat nang walang isip-isip o pagkukuru-kuro.
- _____ 3. Maging masunurin. Sumunod sa mga batas na pinairal upang maging mapayapa ang ang paligid.
- _____ 4. Maging bukas-palad. Magbigay ng handog at suhol sa mga kapangyarihan.
- _____ 5. Maging ama. Alagaan at subaybayan ang mga anak nang lumaki sila nang wasto.

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Bilugan ang bilang na nagpapakita ng kagandahang asal.

- _____ 1. Hiyain mo rin ang sino mang manghiya sa iyo lalo na sa harap ng marami.
- _____ 2. Matuto kang magpasensiya lalo na kung ang nagkasala ay nakatatanda sa iyo.
- _____ 3. Huwag mong pakainin ang sino mang nagpunta sa iyong pagtitipon nang hindi mo inaanyayahan.
- _____ 4. Ang lahat ng tao, buhay man o patay ay may karapatang dapat igalang.
- _____ 5. Ang lahat ng pagkain, masarap o hindi ay dapat ipagpasalamat pagkat biyaya ng Diyos.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

4. Palalimin Mo...

Si Simoun sa Nobelang El Filibusterismo ay pagpapatuloy ng katauhan ni Ibarra sa nobelang Noli Me Tangere.
--

Suriin kung taglay pa rin ni Simoun ang pagiging marangal at makatarungan ni Ibarra sa pamamagitan ng kanyang mga pahayag.

Panuto: Isulat ang K kung ang pahayag ay katanggap-tanggap at DK kung di katanggap-tanggap. Gumamit ng ikaapat na bahagi ng papel sa pagsagot.

- _____ 1. “Pareho tayong uhaw sa katarungan. Sa halip na magpatayan ay nararapat na tayo’y magtulungan.”
- _____ 2. “Ibulid sa bangin ang kabiguan kahit ito ay mangahulugan ng dugo at kamatayan.”
- _____ 3. “Inuudyukan ko ang pangangamkam at lalong nasiyahan akong gisingin ang paghihimagsik at mga pag-aaklas.
- _____ 4. “Sa anyaya ng kasamaan ng mga namamahala ay muli akong nagbalik upang ito’y supilin.”
- _____ 5. “Paghihiganti lamang ang tangi kong hangad!”

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

5. Gamitin Mo...

Panuto: Piliin sa loob ng kahon at isulat ang letra ng salita o pangungusap na dapat ipuno sa patlang upang mabuo ang kaisipan sa pahayag sa bawat bilang. Isulat mo ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

- _____ 1. Kapag ipinahiya ka sa harap ng maraming tao, ang dapat mong gawin ay _____ upang maiwasan ang gulo.
- _____ 2. Ang taong mahinahon ay _____.
- _____ 3. Mag-aral ka sa ibang bansa upang gamitin ang karunungan natamo sa pagpapaunlad ng sariling bayan. Ang katangian ng pagiging _____ ay katangiang pinakikita sa pahayag.
- _____ 4. Ang mabuting anak ay nagiging mabuti ring magulang. Ang pahayag ay nagsasaad ng _____.
- _____ 5. Ang kahinahunan ay nagbubunga ng _____ ng buhay.

a. nag-iisip	d. kapayapaan
b. makabayan	e. katotohanan
c. umalis	f. kapahamakan

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

6. Sulatin Mo...

Panuto: Ayusin mo ang mga salita sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipang angkop sa binasang akda. Isulat mo ang iyong sagot sa kalahating papel kroswise.

- _____ 1.

kalusin puno na kung ang salop na.

_____ 2. nang bago muna mag-isip mabuti ka magpasya


_____ 3. huminga kapag langit galit tumingin ka na sa nang at malalim.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Lagumin Mo...

Ayon kay Horatio, ang panitikan ay dapat na magturo at magbigay ng aliw.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na angkop sa mga pangungusap na nasa dayagram.



- a. makapaghihintay ang pag-ibig na tunay at wagas.
- b. di labag sa kagandahang-asal ang magpakilala ng sarili sa iba.

- a. pagmamahal sa aking mga magulang.
- b. pagsasawang manirahan sa Pilipinas dahil walang kaunlaran ito.

- | | |
|--|---|
| c. Di dapat mamalagi sa bansa dahil di uunlad ang bansa. | c. galit sa mapagsamantalang dayuhan. |
| d. ang kaunlaran ay nasa sipag at tiyaga. | d. kalungkutan para sa mga pinagkaitan ng hustisya. |

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

8. Subukin Mo...

Panuto: Piliin sa Hanay B ang letra ng tinutukoy ng pahayag sa hanay A.
Isulat mo sa ikaapat na bahagi ng papel ang iyong sagot.

Hanay A

1. } Dalawang itinuturing na makapangyarihan
2. } sa bayan ng San Diego.
3. Indiyano na napabilang sa mataas na lipunan dahil sa kanyang pera.
4. Tinutuluyan ni Maria Clara.
5. Nagsabi kay Ibarra ng kinasapitan ni Don Rafael.

Hanay B

- a. Beateryo
- b. Kapitan Tiyago
- c. kura
- d. Tenyente Guevarra
- e. Alperes
- f. Padre Damaso

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

9. Paunlarin Mo...

Paunawa: Kung ang iskor mo sa blg. 8, Subukin Mo... ay 4 - 5, huwag mo nang gawin ang bahaging ito.

Panuto: Isulat sa patlang ang K kung ang pahayag ay katotohanan, P kung pamahiin at AK kung apurahang kongklusyon ang sumusunod na pahayag.

- _____ 1. Ang simbahan at ang pamahalaan ay dalawang magkaibang institusyon. Di sila dapat makialam sa pamamalakad ng isa't isa sa kanilang nasasakupan.
- _____ 2. Tanda ng pagiging masunurin ang pikit-matang pagsunod sa utos ng mga nakatataas.
- _____ 3. Ang pag-unlad ng bayan ay nakasalalay sa pagtutulongan ng mga mamamayan at pamahalaan.
- _____ 4. Dapat munang humalik sa santo bago umalis ng bahay. Magbibigay ito ng biyaya sa buhay.
- _____ 5. Kailangang parusahan ang mga hindi nangungumpisal.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

III. Aralin 2. Sa Harap Ng Mga Pagsubok (Kabanata X - XXII)

A. Anu-Ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo?

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nabibigyang kahulugan ang mga pahiwatig o konotasyon.
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa mga pangyayaring inisa-isa, argumentong inilahad.
3. Nasusuri ang tiyak na kabanata bilang bahagi na nagpapahayag ng tumitinding galaw, pagkilala sa pinakamaigting na bahagi.
4. Naiisa-isa at naipaliliwanag ang mga paraan ng pagiging matatag at matibay sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
5. Naisusulat ang mga makahulugang pahayag at kaisipang may kaugnayan sa akdang binasa.




Mga gawain sa pagkatuto

1. Alamin Mo...

Ang mga pagsubok ay bahagi na ng ating buhay. Mararamdaman lamang natin ang tunay na kahulugan ng buhay kung nagawa nating mapagtagumpayan ang mga pagsubok na ito.


Anu-anong mga kahandaan ang dapat taglayin ng isang tao upang maging matatag siya sa pagharap sa mga pagsubok na dumarating sa kanyang buhay?

(1) Panuto: Lagyan ng (/) tsek ang patlang na nagsasaad ng dapat gawin sa harap ng mga pagsubok. Gumamit ng ikaapat na papel sa pagsagot sa mga bilang 1 at 2.



(2) Anu-ano ang mga bagay na maiuugnay mo sa mga pagsubok sa ating buhay?

Panuto: Bilugan ang mga bilang ng mga bagay na maaaring maging simbolo ng pagsubok sa buhay.



Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa guro mo.

Ang mga pagsubok na iyong sinagot ay may malaking kaugnayan sa babasahin mong teksto.

2. Basahin Mo...

Tipikal na libingan ang libingan ng San Diego ng mga sandaling iyon. Abala ang mga sepulturero sa pagbubungkal ng mga dati at bagong libingan. Sa paligid ay naroroon ang mga kamag-anak ng mga patay na nanggagalaiti dahil hindi matagpuan ang libing ng kanilang kamag-anak. Sa ibang dako ay naroon din ang mga nagsisipagdasal sa harap ng mga puntod. May mga himutok. May umiiyak at may nananangis.

Nag-uusap ang mga sepulturero. Pinag-uusapan nila ang tungkol sa sariwang bangkay na hinukay sa halip na sumunod sa kura na ilibing iyon sa libingan ng mga Intsik ay ipinasyang itapon na lamang sa ilog. Umuulan noon at halos madama na niya ang kalas ng bangkay sa kanyang katawan. Naroroon din sa libingan si Crisostomo. Hinahanap ang libingan ng kanyang ama. Nang hindi makita ay nagtanong ito sa sepulturero. Doon niya napag-alaman ang nangyari sa bangkay ng kanyang ama. Agad itong umalis. Naroroon ang galit. Nakasalubong nila si Padre Salvi. Sa isang iglap ay binigwasan niya ito. Pinagsabihan kung bakit ipinatapon ang bangkay ng kanyang ama. Tumanggi ang pari. Hindi siya ang may kagustuhan. Nakaupo pa ang pari ay iniwan ito ni Crisostomo. Agad namang tinulungan ng alila ang kura

Nagsusungit ang panahon. Naglalakad si Don Anastacio na lalong kilala sa tawag na Pilosopong Tasyo dala na rin ng mga katwirang kanyang pinalulutang. Ang mga katwirang iyon ay hindi matanggap ng karamihan kaya siya pinaghihinalang nababaliw. Sa may pintuan ng simbahan ay nakita niya ang sakristan. Tinanong kung bakit ayaw pang umuwi ngunit ang naging sagot ng mga sakristan ay hindi pa sila pinauwi ng Sakristan Mayor. Muling naglakad ang matanda at napadaan ito sa tapat ng bahay ni Hermana Doray. Napag-usapan ang hindi paniniwala ng matanda sa purgatoryo.

Magkapatid ang mga sakristan. Higit na nakatatanda si Basilio kaysa kay Crispin. Anak sila ni Sisa. Sa mga oras na iyon ay katatapos pa lamang tumugtog ng dalawa. Dumating ang Sakristan Mayor at minultahan si Basilio dahil sa pangit ang pagkakatugtog nito. Ipinaalala ni Basilio sa Sakristan Mayor na sila ay pinahihintulutan na ng kura na makauwi. Tumanggi ang Sakristan Mayor. Hindi maaaring makauwi si Crispin hanggat hindi nito inilalabas ang ninakaw. Hindi rin makakauwi si Basilio hanggat hindi sumasapit ang ikawalo. Labis na nabiglaanan ang dalawa. Wala namang ilalabas na ninakaw si Crispin. Hindi rin maaaring maglakad sa kalsada ang kahit sino matapos ang ikawalo. Paano sila makauwi? Hinihintay sila ng kanyang ina. Nakiusap ang magkapatid ngunit hindi sila pinayagan ng Sakristan Mayor.

Hinawakan nito si Crispin at kinaladkad pababa. Dinig na dinig ni Basilio ang paghampas ng katawan nito sa lapag at ang mga palo. Dinig na dinig din niya ang mga hinaing ng kapatid. Wala siyang magawa. Ilang saglit ay nawala na sa dilim ang sakristan.

Nang gabing iyon ay nagluto ng masarap na hapunan si Sisa. Darating ang kanyang mga anak. Matagal ding hindi sila nagkita. Ipinasok niyang sakristan ang mga ito upang makapag-aral. Sa kanyang paghihintay ay dumating ang kanyang malupit na asawa. Kinain at inubos ang kaniyang inihanda. Nakiusap siya ngunit wala siyang magawa. Pagkakain hiningan nito ng pera ang asawa. Tulad ng dati, sinaktan siya at saka umalis. Lumbay na lumbay si Sisa. Muli itong nagluto. Ilang tuyong tawilis at kamatis. Nagdasal,

habang nagdarasal ay naulinigan niya ang tawag ni Basilio. Agad niyang sinalubong ang anak. Nagtaka ito sapagkat hindi kasama ni Basilio si Crispin

Napaniwala ni Basilio si Sisa na sadyang pinaiwan ng kura si Crispin sa kumbento. Bukas na lamang susunduin ni Sisa. Natapos magamot ang sugat sa ulo ng natutulog na bata. Inabot siya ng isang panaginip. Nakita niya ang ginagawang pagpaparusa ng Sakristan Mayor sa kanyang kapatid. Narinig ang mga hinaing nito. Nagmamakaawa. Nagising si Basilio. Tinanong ni Sisa kung bakit subalit dagling nagkaila ang bata. Sinabi na lamang nito na ayaw na niyang magskristan. Magtutungo na lamang daw siya ka G. crisostomo Ibarra at mamamasukang pastol. Ayaw na niyang magbalik pa sa simbahan at sa kura.

Ilang araw nang walang ngiting namumutawi sa labi ng kura. Ilang araw na rin itong mainit ang ulo at tila may sakit. Nang umagang iyon ay agad na nagtungo si Sisa sa kumbento upang sunduin ang anak na ayon kay Basilio ay may kaunting sinat. Dala nito ang ilang pirasong gulay para sa kura. Hindi maaaring kausapin dahil may sakit daw. Hinanap niya si Crispin. Nagtaka ang kusinera. Nabanggit nito na wala roon si Crispin. Pagkatapos daw magnakaw ay tumakas dala ang mga ninakaw sa kura. Sinisi pa ng kusinera si Sisa dahil hindi raw pinalaki nang maayos ang mga anak.

Sa kabilang dako, kinausap ni Crisostomo ang guro ng San Diego tungkol sa kanyang panukala. Ang magtayo ng gusaling pampaaralan para sa mga batang nagnanais na mag-aral. Sa kanilang pag-uusap ay napag-alaman ang tunay na kalagayan ng edukasyon sa kanyang bayan. Ang impluwensiya ng mga pari sa pagkakatuto ng mga batang Pilipino at sa uri ng pagtuturong ginagawa ng mga guro. Walang guro ang dindi dumaranas ng panlalait mula sa kura kahit sa harap ng mga mag-aaral. Hindi makalaban ang mga guro dahil ang kura ang may tinig sa pagtanggap at pagpapatanggal sampu ng pagpapasahod sa kanila. Dumanas din siya ng ibayong kahihyan sa kamay ni Padre Damaso ngunit wala siyang magawa, hindi niya maaaring saktan ang kanyang ina na naghirap nang labis upang siya ay maging guro. Dahil dito, tinatanggap na lamang niyang lahat ang panlalait sa halip na talikuran ang pagtuturo.

Mabilis na umuwi si Sisa. Pagdating sa kanilang kubo ay nakita niya ang mga sibil. Tila may hinahanap ang mga ito. Nang mamataan siya ay biglang tinawag. Ipinalalabas ang kanyang anak na nagnakaw. Kung wala raw ito, kahit isauli na lamang ang ninakaw at aalis na sila. Kung hindi naman ay ipagsasama nila si Sisa sa kwartel. Nakiusap ang babae ngunit nawalan ito ng saysay. Ipinagsama siya sa bayan. Habang naglalakad ay nakiusap pa rin ang babae na mauna ng ilang hakbang upang maiwasan ang kahihyan ngunit tumutol pa rin ang mga sibil. Habang naglalakad ay ibayong paglibak kay Sisa ng lahat ng matang nakatingin sa kanya. Halos matunaw ang kanyang pagkatao ng mga sandaling yaon. Pagkatapos makausap ng sibil ang Alperes ay dagling pinawalan si Sisa. Agad itong bumalik sa kanilang kubo. Wala roon si Basilio. Sa may batalan ay nakita niya ang kapiirasong telang may bahid ng dugo. Doon nagsimulang mawala ang kanyang katinuan dala na rin ng labis na kasiphayuan.

Abala ang lahat sa nalalapit na kapistahan ng San Diego. Abala rin ang pangkat nina Crisostomo para sa isasagawang pangingisda. Bagama't tutol si Maria Clara na anyayahang sumama si Padre Salvi dahil sa mga titig nito sa kanya, inanyayahan na rin ito ni Crisostomo. Sumang-ayon naman ang kura, dangan nga lamang mahuhuli raw dala ng isang gawaing natanguan na. Sa pag-uwi ni Crisostomo ay nakasalubong niya ang isang lalaking madilaw. Humihingi ito ng tulong para sa kanyang mga anak at nabaliw ang kanyang asawa. Hindi siya pinansin ni Crisostomo at nagwikang, "marami akong pinagkakaabalahan".

Masaya ang lahat. Payapa ang lawa. Ang mga kalalakihan ay nakikipagbiruan sa mga kadalagahan. Ang biruan ay natapos nang marinig ng lahat ang malamyos na awit ni Maria Clara. Sa ganoong pagkakataon ay labis na napamahal ang dalaga kay Crisostomo. Ang pananahimik ay ginambala ng isang malaking buwaya na nasa baklad. Laking takot ng lahat. Sa gitna ng kaguluhan ay biglang tumalon ang pilotong si Elias. Kinalaban niya ang buwaya subalit tila tinalo ang kanyang lakas. Dagli namang tumalon si Crisostomo. Nakipaglaban siya sa buwaya at nabatid ang matuling pag-alis ng piloto.

3. Linangin Mo...

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Ang kahulugang konotatibo ay ang ikalawang kahulugang ikinakapit sa isang salita. Maaaring ang kahulugang ito ay nasa diksyunaryo rin, subalit ang konteksto ng kahulugan ay iba sa nakaugalian na o nakagawian na.

1. Ang salitang palad sa kahulugang denotatibo ay nangangahulugang bahagi ng kamay.

Kumapal ang palad niya dahil sa pagtatrabaho.

2. Ang salitang palad sa kahulugang konotatibo ay nangangahulugang kapalaran.

Palad niya ang yumaman.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na sa palagay mo ay tamang interpretasyon sa mga sumusunod na pangyayari.

1. Nalaman ni Ibarra na ang bangkay ng kanyang ama ay hinukay at ipinatapon.
2. Naging ulo ng yaman sa kanilang pook si Don Rafael.
3. Simula na ng tag-ulan sa buhay ni Ibarra.
4. Di makayanan ni Sisa ang pagkawala ni Crispin.
5. Di makatingin nang direkta si Sisa sa mga matang nanlilibak.

- a. Lahat ng mga taong masalubong niya ay nang-uusig.
- b. Nagsipag siya upang yumaman.
- c. Nabaliw siya.
- d. Maraming problema ang kakaharapin niya.
- e. Siya ang pinakamayaman sa kanilang pook.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Ang lahat ng tao ay may karapatang magbigay ng kanyang sariling interpretasyon o palagay tungkol sa kahihinatnan ng isang pangyayari. Subalit sa pagbibigay niya ng kanyang interpretasyon dapat na maging masusi at makatwiran siya sa paghatol.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na sa palagay mo ay tamang interpretasyon sa mga sumusunod na pangyayari.

- _____ 1. Nalaman ni Ibarra na ang bangkay ng kanyang ama ay hinukay at ipinatapon.
- _____ 2. Makauwi lamang si Crispin kung ilalabas ang kanyang mga ninakaw. Hindi naman nagnakaw si Crispin. Wala itong ilalabas.
- _____ 3. Pumunta si Sisa sa kumbento upang tanungin sa kura kung nasaan si Crispin. Ayaw itong makipag-usap sa kanya.
- _____ 4. Nilalait ng kura ang guro sa harap ng mga mag-aaral.
- _____ 5. Hindi makita ni Sisa ang anak. Hinuli siya ng mga gwardiya sibil. Nakita niya ang duguang damit ni Basilio.

c. Pagsusuring Pampanitikan

- a. Masisiraan ng bait si Sisa
- b. Paghihigantihan niya ang gumawa ng kalapastangan sa kanyang ama.
- c. Mawawalan ng paggalang ang mga ito sa guro.
- d. Hindi na makauwi si Crispin
- e. Hindi na niya malalaman kung nasaan si Crispin
- f. Hahanapin niya ang bangkay ng ama.

Ang tumitinding galaw ay bahagi ng banghay ng nobela na naglalahad ng mga pangyayaring aakay sa mga mambabasa tungo sa pagtingin sa dahilan ng suliraning may kinalaman sa mga pangunahing tauhan.

Halimbawa ng tumitinding galaw

Sa Kab. 12 – Mga Babala ng Sigwa, makikita natin ang unti-unting pagdating ng mga umiigting na pangyayari .

Nang hindi makita ni Ibarra ang libing ng kanyang ama, nagsimula na siyang magtanong. Doon niya nalaman ang nangyari sa bangkay nito. Agad itong umalis, naroon ang galit. Nakasalubong niya si Padre Salvi at sa isang iglap ay tumama sa kanya ang malakas na kamao ni Ibarra.


Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag ng nagpapakita ng tumitinding galaw sa bawat bahagi ng nobela.

1. Pilit na pinalalabas ng Sakristan Mayor kay Crispin ang ibinintang nitong parang ninakaw niya. Hinawakan nito si Crispin at kinaladkad pababa. Dinig na dinig ni Basilio ang paghampas ng murang katawan ng kapatid sa lapag at ang mga palo ng Sakristan Mayor.
2. Habang naglalakad ay ibayong paglibak ng lahat ang kanyang nakikita at naririnig. Halos matunaw ang kanyang buong pagkatao ng mga sandaling iyon. Nang umuwi si Sisa ay wala na si Basilio. Sa halip ay nakita niya ang kapisasong telang may dugo. Doon nagsimulang mawala ang kanyang katinuan.
3. Abala ang lahat sa nalalapit na kapistahan ng San Diego. Abala rin ang pangkat ni Ibarra sa isasagawang pangingsda.
4. Inabot ng panaginip si Basilio. Nakita niya ang ginagawang pagpapahirap nito kay Crispin. Narinig niya ang daing ng kapatid, nagmamakaawa.
5. Napaniwala ni Basilio si Sisa na sadyang pinaiwan ng kura si Crispin. Bukas na lamang daw susunduin ni Sisa.

d. Halagang Pangkatauhan

Ang mga pagsubok ay batas na ng buhay. Ibig sabihin, lahat ay dumaraan sa mga pagsubok. Ang iba ay pinalad na malamlasan ang mga ito subalit ang iba ay sawimpalad.

Panuto: Isulat sa loob ng kahon ang mga kahandaan dapat taglayin ng isang tao sa pagharap niya sa mga pagsubok. Piliin ang mga ito mula sa hanay ng mga salita.



- | | | |
|---------------|------------|------------|
| katatagan | kabutihan | katapatan |
| kayamanan | kagandahan | karunungan |
| kapangyarihan | | |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

4. Palalimin Mo...

Panuto: Sipiin ang pahayag sa kabanata na naglalaman ng tumitinding galaw. Isulat ang sagot sa kalahating papel pahalang.

1. Wala na noon sa San Diego si Padre Damaso at ang koadhutor o katulong na pari ay siyang nagpahintulot ng paglilibing. Nang bumalik si Padre Damaso at nabatid na ang kapalit niyang Don ay nalibing nang mahusay, ipinahukay niya ito upang ilibing sa libingan ng mga Intsik.
2. Tumakas sa kumbento si Basilio. At dahil wala nang dapat gumala sa lansangan kapag malalim na ang gabi, pinaputukan ng mga gwardiya sibil si Basilio na noo'y tumatakbo palayo.

3. Duguang bumagsak sa bisig ng ina si Basilio. Sinabi niya sa ina na si Crispin ay pinaiwan ng kura sa kumbento. Hindi makakain ang ina at si Basilio.
4. Hinanap ni Sisa ang mga anak, wala si Crispin at si Basilio'y duguan. Di na nakayanan ni Sisa ang lahat ng ito.
5. Nabatid ni Ibarra na ang ama'y nabilanggo sa salang di niya ginawa. Nagtiim ng bagang si Ibarra at ang mga kamao'y isinuntok sa dingding.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

5. Gamitin Mo...

Panuto: Isulat ang **K** sa patlang kung ang pahayag ay katanggap-tanggap at **DK** kung di katanggap-tanggap. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

- _____ 1. Kapag naging biktima ng kawalang hustisya, ilagay sa kamay ang batas.
- _____ 2. Ang pagsasawalang-kibo ng babae sa gitna ng kalupitan ng isang lalaking minamahal ay tanda ng tunay na pag-ibig.
- _____ 3. Di dapat dumanas ng kalupitan ng kapwa ang mga batang musmos pa lamang.
- _____ 4. Dapat maging huwaran ng pagkamarangal ang mga guro. Sila ang idolo ng mga mag-aaral.
- _____ 5. Ang mga salita ng pari, tama man o mali ay dapat sundin.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

6. Sulatin Mo...

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na parirala upang mabuo ang kaisipan ng mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa kalahating papel.

1. simbahan at pamahalaan / mapapanuto ang / kung may mabuting / isang bayan / pagsusunuran ang
2. ng isang tao / ang pagiging relihiyoso / sa pagdarasal / ay hindi masusukat / kundi sa kabutihang / at pagsisimba / ginagawa niya sa kapwa.
3. ng ating kultura / ang labis na pagmamahal / mga anak / ay bahagi / sa kanilang / ng mga Pilipina / at asawa

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Lagumin Mo...

Panuto: Bilugan ang mga letra ng pahayag na bubuo sa kaisipan sa bawat bilang.

1. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nalaman ko na _____.
 - a. May mga karapatan din ang mga patay na dapat igalang.
 - b. Dapat idaan sa tamang proseso ang pag-aakusa sa isang tao.
 - c. Kailangang ipaglaban ng mga kababaihan ang kanilang karapatan.
 - d. Ang mga pari ay dapat na ituring na Diyos dito sa lupa.
 - e. Ang pagkawala ng katinuan ng isang tao ay tanda ng kanyang kahinaan.

2. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nakadama ako ng _____.
 - a. Pagkaawa sa mga batang sa murang gulang pa lamang ay nakararanas na ng kalupitan ng kapwa.
 - b. Panghihinayang para sa mga taong hindi marunong humarap sa mga pagsubok.
 - c. Galit sa mga taong gumagamit ng dahas para lamang makuha ang gusto.
 - d. Pagmamahal sa aking ina dahil sa kanyang mga sakripisyo para sa akin.
 - e. Paghanga sa mga taong yumaman nang dahil sa pawis ng iba.

8. Subukin Mo...

Panuto: Ayusin ang mga ginulong letra sa loob ng kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy sa pahayag sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Kinatawan ng Hari ng Espanya sa Pilipinas.

R	H	N	E	E	L	A
---	---	---	---	---	---	---

2. Sa oras na itinakda ng awtoridad, dapat wala nang tao sa mga kalye.

U	W	E	F	R	C
---	---	---	---	---	---

3. Tawag sa taong tinitiiis ang lahat ng pasakit sa buhay.

M	R	T	A	R	I
---	---	---	---	---	---

4. Dapat na maging tagapagpalaganap ng mga salita ng Diyos.

P	A	R	I
---	---	---	---

5. Sumisimbolo ito sa mga pagsubok na darating sa buhay ng tao.

S	I	G	W	A

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang nakuha mong iskor ay 4 – 5, huwag mo nang sagutin ang susunod na bahagi; kung ang nakuha mong iskor ay 3 pababa gawin mo ito.

9. Paunlarin Mo...

Panuto: Isulat sa patlang ang S kung ikaw ay sang-ayon sa kaisipan at isulat naman ay DS kung di ka sang-ayon sa pahayag. Sagutin mo ito sa sangkapat na bahagi na papel.

- _____ 1. Lumalayo ang damdamin ng anak kapag ang magulang ay malupit.
- _____ 2. Ang matapat na pagpuna ay higit na mainam kaysa labis na papuri.
- _____ 3. Mababakas sa kanyang kapaligiran ang pag-unlad at pagsulong ng isang bayan.
- _____ 4. Masarap balikan sa alaala ang nakaraang puno ng mga pasakit
- _____ 5. Ang isang lihim ay hindi mabubunyag kailanman.

IV. Aralin 3. May Hangganan Ang Lahat (Kabanata XXII - XXXIV)

A. Anu-Ano ang Mga Tiyak Mong Matututunan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nakikilala at naipaliliwanag ang mga bahaging nagpapakita ng mga salitang nag-aagawan ng kahulugan
2. Naiisa-isa ang katotohanang inilahad sa akda
3. Nabibigyang-puna ang tiyak na kabanata na tumutukoy sa kasukdulan, tungo sa kakalasan ng nobela
4. Napatutunayan ang katotohanang laging magtatagumpay ang kabutihan laban sa mga masasamang hangarin

5. Naisusulat nang wasto ang mga kaisipang angkop sa binasang akda



Mga gawain sa pagkatuto

1. Alamin Mo...

Ang tao’y di paaapi sa habang panahon.

Panuto: Bilugan ang bilang ng pangungusap na may kaugnayan sa makahulugang pahayag na nasa dayagram. Gumamit ng ikaapat na bahagi ng papel sa pagsagot.

**“Kapag puno na ang salop,
Kalusin na . . .”**

1. Huwag paabuso sa kapwa.
2. Walang sinuman ang may karapatang mang-api.
3. Magtiis na lamang upang walang gulo.
4. May hangganan ang pagtitimpi.
5. Dapat lamang gumanti kapag nasaktan.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang sinagutan mong pagsasanay ay may malaking kaugnayan sa tekstong iyong babasahin.

Handa ka na ba?

Sige, Basahin mo na.

2. Basahin Mo...

Nahuli sa pagtitipon si Padre Salvi. Sa halip na sa kapatagan magdaan, ito ay nagdaan sa gubat. Doon ay nasaksihan niya ang ginagawang pagtatampisaw ng mga dalaga. Nang makita ng mga kalalakihan si Padre Salvi na lamutak sa kasuotan at pawis na pawis ay pinagtawanan ito at pinag-ukulan ng mga biro. Sa pagkakataong iyon ay tila payapa ang lahat. Ang kabataan ay naglalaro ng Gulong ng Kapalaran. Sa gitna ng katuwaan ay nagalit ang kura. Agad namang sinagot ito ng isang binata na huwag makialam sa kanilang ginagawa. Ilang saglit ay may dumating na mga sibil. Hinahanap ng mga ito ang pilotong si Elias.

Nagtungo si Crisostomo kay Pilosopo Tasyo upang sumangguni tungkol sa kanyang mga balakin. Pinagpayuhan siya ng matanda na kung ibig na maisakatuparan ang ano man niyang balak ng walang suliranin o balakid ay makipagtulungan ito o sumunod sa kagustuhan ng kanyang mga kalaban. Hindi agad tinanggap ng binata ang gayong kuru-kuro. Paano siya makikisama sa taong pumatay sa kanyang ama? Ngunit ang pagtanggap iyon ay tila nawala sa mga paliwanag ni Pilosopo Tasyo.

Abalang-abala ang lahat. Malinis na ang bawa't bahay. Nakalabas na ang magagandang gamit sa hapag. Ang mga lansangan ay punung-puno na ng mga banderitas. Ang mga punong panulukan ay may mga singkaban. Limang banda ng musiko ang nakatakdang tumugtog. Si Padre Damaso ang siyang inanyayahang magsermon sa misa. Abalang-abala na rin ang mga manggagawang naghahanda ng mga katangang bato para sa itatayong paaralan. Tuwang-tuwa ang lahat. Sa gitna ng katuwaan ay pinaalalahanan ni Pilosopo Tasyo si Ibarra na kung ang isasalubong sa iyong pagdating ay masayang mukha't may pakitang giliw, pakaingatan mo't kaaway na lihim, siyang isaisip na kakabakahin.

Abala rin sa bahay si Kapitan Tiyago. Labis ang kanilang paghahanda dahil sa nakatutok ang paningin ng lahat sa kanyang bahay dahil na rin sa naroon ang kanyang anak na si Maria Clara. Pagsapit ng dilim ay nagkayayaan ang mga kadalagahan na mamasyal sa patyo. Naroroon ang mga kabinataan. Sa kanilang paglalakad ay may nakasalubong silang ketongin. Labis na nandiri ang lahat maliban kay Maria Clara. Nilapitan nito ang ketongin sa kabila ng pagpigil ng mga kasamahan at binigyan ng limos. Ang kanyang agnos ang iniabot sa sumbrero ng ketongin na agad naman nitong inilapat sa kanyang mga labi. Laking gulat ng lahat nang biglang dumating si Sisa at yumakap sa ketongin. Sinundan naman ito ng pagdating ng mga sibil. Dahil sa kaguluhan ay tumalilis ang ketongin. Si Sisa naman ay ipinagsama ng mga sibil sa kwartel. Walang nagawa si Crisostomo nang ito ay tinangka niyang pigilan.

Tila mapayapa ang lahat ng tao. Nakatanggap si Crisostomo ng ilang sulat mula kay Maria Clara. Inihayag ng sulat ang pag-aalala ng dalaga sa binata.

Masayang-masaya ang bawa't lansangan ng araw na iyon. Muling nagpalabas ng kanyang opinyon si Pilosopo Tasyo. Ayon sa kanya, ang pagpapasya ay hindi nangangahulugan ng paggawa ng mga kabaliwan. Tinuligsa rin niya si Don Filipino na kung walang magawa laban sa kagustuhan ng Heneral at ng masayang-masaya na at handanghanda na sa kapistahan. Ang Hermana Mayor ay nag-utos sa kanyang mga utusan na manghila ng mga maaanyayahan upang uminom ng sikulate at manghimagas ng iba't ibang uri ng matamis. Abalang-abala rin si Padre Damaso sa gagawing pagesermon kinabukasan.

Ikawalo at kalahati na ng gabi nang lumabas ang prusisyon. Tumigil ito sa tapat ng isang bahay na kinaroroonan ng mga kinikilalang tao sa bayan.

Punong-puno ang simbahan. Naroon ang lahat ng iba't ibang uri ng tao sa San Diego. Naroon din si Crisostomo, kasama ni Maria Clara si Kapitan Tiyago na nakasuot ng prak. Ang kapitan ay nasa simbahan din. Nakasuot ito ng regalia at nagagayakan ng banda ni Carlos III at ng marami pang mga medalya. Ang tatlong paring nagmimisa ay humanda na sa kanilang silyon. Sa pamamagitan ng isang hawla ay nakabuo ng daan ang mga sakristan upang makaraan si Padre Damaso. Nakasunod sa kanya ang isang paring may dalang kwaderno.

Sa sermon, nilait ni Padre Damaso ang mga Pilipino. Muli niyang sinaling ang nakaraang may kaugnayan sa pamilya ni Crisostomo. Ang pagtungo ni Crisostomo sa Europa at ang pagkamatay ng kanyang ama. Habang nagsesermon ay may nahilig na isang tulong na lalaki sa isang Hermana na siya nitong pinagmumura. Nagkaingay ang lahat at ito ay labis na ikinagulat ni Padre Damaso. Muling lumabas sa kanyang bibig ang dumi ng mga salita.

Nauwi sa paghuhugos ng panulukang bato para sa itatayong paaralan ang atensyon ng lahat. Sa paghuhugos ay naroon ang Kapitan Heneral na siyang panauhing pandangal. Ang karangalan na ilagay ang bumbong na tingga ay ibinigay sa eskribano. Pagkatapos noon, lalagyan na ng semento ang kinalalagyan ng bumbong na tingga na siyang simbulo ng paghuhugos. Pagkatapos na makapaglagay ng semento ang mga kilalang tao kabilang na ang Alkalde ay si Crisostomo naman ang siyang nasa ibaba. Sa isang iglap ay biglang nagkagulo. Bumagsak ang malaking bato ng wala sa panahon. Natagpuang patay ang lalaking madilaw na siyang may tangan ng lubid na magpapakawala sa bato. Laking gulat ng bawat isa hinggil sa nasabing pangyayari.

Magtatapos na si Crisostomo ng paghahanda sa sarili nang dumating si Elias. Batid niyang ito ang siyang nagligtas sa kanya. Sa kanilang pag-uusap ay pinaalalahanan ni Elias ang binata tungkol sa kanilang lihim na mga kaaway na siyang labis na ipinagtaka ng binata. Pinag-iingat niya ito. Ayon sa kanya nararapat siyang mabuhay alang-alang sa kapakanan ng kanyang bayan.

Ipinagpatuloy ang nauntol na kasayahan. Isang pananghalian ang nakatakandang pagsaluhan. Naroon ang lahat kabilang na rin sina Crisostomo at Padre Damaso. Sa kalagitnaan ng usapan ay muli na namang nilapastangan ng pari ang pangalan ng ama ni Crisostomo. Dala ng maraming ulit na pagkakataong nangyari ang ganoon ay nawalan ng panimbang si Crisostomo. Kinuha niya ang isang kutsilyo at inumang iyon kay Padre Damaso. Salamat na lamang at nakapamagitan si Maria Clara. Ilang saglit ay tumalilis si Crisostomo at naiwan sa gitna ng kahihyan si Padre Damaso.

3. Linangin Mo...

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Ang paggamit ng mga salitang nagkakasalungatan o nag-aagawan ng kahulugan sa pagsulat ng isang akdang pampanitikan ay nakapagbibigay ng kariktan at kasiningan dito.

Hal. Nakangiting tumutulo ang luha ng ina habang pinagmamasdan ang larawan ng anak na tumatanggap ng medalya.


Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na may pagsasalungatan ng kahulugan.

1. Ang paglait ni Padre Damaso sa mga Indyo sa gitna ng pagpuri sa kanyang mga kababayang Espanyol ay ikinagalit ni Tenyente Guevarra.
2. Masaya ang lahat tanda ng pananabik sa pagdating ng pista.\
3. Kailangang mamatay ang mga mapang-api upang mabuhay ang mga sawimpalad.
4. Habang nabubundat sa kabusugan ang mga Kastila, namamatay naman sa gutom ang mga Pilipino.
5. Ang pagiging tunay na alagad ng Diyos ay hindi makikita sa katauhan ni Padre Damaso.

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Ang isa sa mga katangiang ikinagaganda ng isang akda ay ang pagiging makatotohanan nito.
Nagagawang maiugnay ng mambabasa ang kanyang sariling karanasan at ang mga nagaganap sa kapaligiran sa akda kung ang mga kaganapan dito ay makatotohanan.

Panuto: Isulat sa patlang ang M kung ang pangyayari sa kabanata ay makatotohahan at DM kung di makatotohanan. Gumamit ng ikaapat na bahagi ng papel sa pagsagot.



Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.


c. Pagsusuring Pampanitikan

Ang pagkakaroon ng tunggalian sa loob ng isang akda ay siyang nagbibigay kulay sa bawat kaganapan dito. At kapag ang tunggaliang ito ay umabot na sa kasukdulan, unti-unti nang madarama ng mambabasa ang kasabikang ito.

c. 1. Panuto: Ayusin ang mga sumusunod na pangyayari hanggang sa umabot ang mga ito sa kasukdulan.

Gamitin ang mga letra a, b, c, d, e, sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari.

Gumamit ng ikaapat na bahagi ng papel sa pagsagot.



Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Piliin sa Hanay B ang letra ng pahayag na dapat gawin upang mapigil ang katuparan ng isang masamang hangarin.

Hanay A

1. Pang-aapi ng malakas sa mahina
2. Pagbibintang ng walang sapat na ebidensiya
3. Kung pinagbabantaan ang buhay
4. Paggamit ng mga salita ng Diyos upang makapanlinlang ng kapwa.
5. Pagyurak sa malinis na pangalan ng pamilya

Hanay B

- a. Gumawa nang wasto upang di mabatikan ang kalinisan ng pangalan.
- b. Pagsusuplong sa batas ng mga gumagawa ng pang-aabuso sa kapwa.
- c. Maging mapanuri sa tunay na hangarin ng kapwa.
- c. Ibayong pag-iingat ang gawin at magpatulong sa maykapangyarihan.
- d. Maglalabas ako ng mga patunay na ako'y walang sala.
- e. Magtitiis na lamang

4. Palalimin Mo...


a. Panuto: Isulat ang **W** kung wasto ang kaisipang ipinahahayg sa bawat bilang at **M** kung hindi wasto ang pahayag batay sa akda. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Sa pananghaliang naganap, patuloy pa ring nakapagtimpi si Ibarra sa patuloy na panlalait ni Padre Damaso sa kanyang ama.
2. Naging matatag si Sisa sa pagharap sa mga suliraning dumating sa kanya.
3. Tinamaan ng malaking bato ang taong madilaw nang ibinababa na ang panghugos sa pagpapasinaya ng gagawing paaralan.
4. Sa kanyang sermon, nilait ni Padre Damaso ang mga Pilipino.
5. Nakauwi nang mapayapa si Basilio sa kanilang bahay kahit may curfew na ipinaiiral ang pamahalaan.

b. Panuto: Iwasto mo ang mga pahayag na nilagyan mo ng **M**.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

5. Gamitin Mo...



makatwiran	mapusok	maligalig
mahinahon	mabait	matimpi
madasalin	matalino	mapanira

b. Matapos kong basahin ang akda nakadama ako ng . . .

 a. _____
 b. _____
 c. _____

- a. pagmamahal sa aking ina at kapatid.
- b. pagkaawa sa mga kabataang inaabuso sa murang gulang pa lamang.
- c. pagkagalit sa mga mapang-api sa kanyang kapwa.
- d. paggalang sa mga pari kahit mali ang kanilang ginagawa
- e. pagsang-ayon sa paghihiganti kapag inaapi.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

8. Subukin Mo...

Panuto: Isulat ang **T** kung ang kaisipan ng pahayag ay tama at **M** kung ang kaisipan ay mali batay sa kaisipan ng akda. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

- _____ 1. May batayan ang ginawang pagbibintang ng Sakristan Mayor kay Crispin na pagnanakaw ng ginto.
- _____ 2. Kahit galit si Ibarra kay Pari Salvi ay inanyayahan pa rin niya ito sa kanilang piknik.
- _____ 3. Si Ibarra ang nagligtas kay Elias laban sa mga sundalong Kastila.
- _____ 4. Dahilan sa masaklap na karanasan ni Basilio sa kamay ng kura at Sakristan Mayor, ayaw na niyang magtrabaho sa simbahan.
- _____ 5. Hindi naniniwala si Pilosopo Tasyo sa purgatoryo.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyon guro.

Paunawa: Kung ang iskor mo sa pagsubok ay 4 hanggang 5, huwag mo nang gawin ang sumusunod. Kung 3 pababa gawin mo ito upang madagdagan ang iyong kaalaman sa paksa.

9. Paunlarin Mo...

Panuto: Isulat ang **K** kung ang pahayag ay katotohanan, **P** kung pamahiin at **O** kung opinyon.

- _____ 1. Sa panahong ito ng kahirapan, di na dapat pang maghanda kapag pistang bayan.
- _____ 2. Ang isinasama ng isang pamahalaan ay nasa sa mga namamalakad dito.
- _____ 3. Dapat mag-alay ng inumin at pagkain sa puntod ng isang patay kung araw ng mga patay upang sila'y maging payapa.
- _____ 4. Ang mga pari ay di dapat tawaging alagad ng Diyos dahil marami sa kanila

ay makasalan.

_____ 5. Wala nang hihigit pa sa pagmamahal ng ina sa kanyang mga anak.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa guro.



Gaano ka na kahusay?

A. Panuto: Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot. Isulat mo ang sagot mo sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Lagyan ng (/) tsek ang pinakamabisang pangungusap.
 - a. Ang labis na pagmamamahil ng mga babaeng Pilipina sa kanilang asawa at mga anak ay bahagi ng ating kultura.
 - b. Bahagi ng ating kultura ang labis na pagmamahal ng Pilipina sa kanyang anak at asawa.
 - c. Ang labis na pagmamahal ng mga babaeng Pilipina sa kanilang irog na asawa at pinakamamahil na anak ay bahagi ng ating kultura.
 - d. Lahat ng pangungusap ay mabisa.
2. “Ang pag-iwas sa punglo ay di nangangahulugan ng karuwagan.” Ano ang ipinahiwatig ng pahayag?
 - a. Di dapat humawak ng baril ang mga tao.
 - b. Hindi duwag ang umiiwas sa gulo.
 - c. Kung ayaw mong tamaan ng bala, iwasan mo ito.
 - d. Lahat ng pahayag.
3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang may pag-aagawan ng kahulugan?
 - a. Mababakas sa kapaligiran ang kasaganaan at kadahupan ng bayan.
 - b. Ang pagluha at pagtawa ni Sisa ay nagpapahiwatig ng pagkabaliw.
 - c. Ipinahihiwatig ng pagluha ang tunay na kaligayahan.
 - d. Lahat ng nabanggit.

B. Panuto: Isulat ang M kung ang pahayag ay makatotohanan at DM kung di makatotohanan.

_____ 4. Inubos ni Pilosopo Tasyo ang kanyang kayamanan sa pagbili ng mga aklat.

C. Isulat ang letra ng pahayag na magbibigay ng wastong interpretasyon sa sumusunod na pangyayari?

- _____ 5. Mula sa simboryo ng simbahan ay hinatak ng Sakristan Mayor ang murang katawan ni Crispin pababa ng simbahan.
- a. Maaaring ikamatay ni Crispin ang pagbagsak ng kanyang katawan nang paulit-ulit.
 - b. Makakayanan ni Crispin ang paulit-ulit na pagbagsak ng kanyang katawan dahil bata pa siya.
 - c. Sanay na sa simbahan si Crispin kaya't hindi siya madidisgrasya.
 - d. Lahat ng pahayag.

D. Isulat ang T kung ang pahayag ay nagpapakita ng kasukdulan ng pangyayari at M kung hindi nagpapakita ng kasukdulan ang pahayag.

- _____ 6. a. Ninais ni Pilosopo Tasyo na magunaw na ang mundo.
b. Kamatayan ni Padre Damaso ang tanging makapagpapatighaw ng poot ni Ibarra.
c. Napanaginipan ni Basilio ang kapatid na si Crispin.
d. Lahat ng pahayag.

E. Piliin ang letra ng pahayag na nagpapakita ng napipintong suliranin ng tauhan.

- _____ 7. a. Tututulan nito ang pag-iibigan ng dalawa.
b. Ipakakasal niya si Maria Clara sa iba.
c. Itatago niya si Maria Clara kay Ibarra.
d. Lahat ng nabanggit.
- _____ 8. Laging sinusunod ni Kapitan Tiyago ang balang maibigan ni Padre Damaso.
a. Magiging sunud-sunurang lagi si Kapitan Tiyago kay Padre Damaso.
b. Gagawin siyang alipin ni Padre Damaso.
c. Magiging pari rin si Kapitan Tiyago.
d. Lahat ng nabanggit.

F. Panuto: Bilugan ang letra ng pahayag na angkop sa kaisipan ng akda

- 9 – 10. a. Hindi paaapi sa habang panahon ang sinumang tao.
b. Hindi hahayaan ng Diyos na mamayani ang kasamaan laban sa kabutihan.
c. Hindi kasalanan ng isang tao kung yumaman man siya.
e. Dapat sundin ng lahat ang batas.

